# No Pass Zone

**Protokol para sa Ligtas na Pagtugon ng Mga Kawaning Hindi Klinikal sa Mga Call Light**

| **Kapag tumutugon sa call light:** | | |
|---|---|---|
| Mag-sanitize ng kamay (paglilinis ng kamay) at kumatok bago pumasok. | Batiin ang residente at ipakilala ang iyong sarili gamit ang iyong pangalan. | Sabihing "Nakikita kong nakabukas ang inyong call light. Paano ko kayo matutulungan?" |

## OO, MAAARI MONG GAWIN

***MAGAGAWA ng mga kawaning hindi klinikal ang mga sumusunod:***

- Magbigay ng mga gamit para sa ginhawa (mga kumot, tissue, tuwalya).
- Isaayos ang TV, radyo, mga blind, o ilaw.
- Ilapit ang mga personal na gamit (telepono, charger, mesa, basurahan).
- Ilapit sa residente ang naroroon nang pitsel ng tubig na mayroon nang tubig at/o magsalin ng tubig kung hihilingin.
- Kung hindi saklaw ng tungkulin mo ang kahilingan:
  - Sabihing "Maghahanap ako ng taong makakatulong sa inyo."
  - Huwag patayin ang call light hangga't hindi natutugunan ang kahilingan.

## HINDI MO MAAARING GAWIN

***HINDI dapat gawin ng mga kawaning hindi klinikal ang mga sumusunod:***

- Magpaliwanag ng mga diagnosis, gamutan, o plano sa pangangalaga.
- Mangasiwa ng mga intravenous line (mga IV), oxygen, o kagamitang medikal.
- Pisikal na ilipat, buhatin, o ayusin ang posisyon ng residente.
- Itaas, ibaba, o isaayos ang mga kama o side rail.
- Magbukas o magsara ng mga pinto sa mga silid na may mga pag-iingat sa pagkahawa o pinaghihigpitang pagpasok.
- Magbigay ng pagkain, inumin, o mga gamot.
- Magligpit ng mga tray ng pagkain o pitsel ng tubig.

**Kung ang kahilingan ay may kaugnayan sa kaligtasan, kalusugan, o paggalaw, abisuhan kaagad ang mga kawaning nurse.**

| **Bago umalis:** | | | |
|---|---|---|---|
| Itanong, "Mayroon pa ba akong maitutulong sa inyo?" | Tiyaking madaling maabot ng residente ang kanyang call light. | Patayin ang call light kung natugunan na ang kahilingan. | Mag-sanitize ng kamay pagkalabas (paglilinis ng kamay). |

Ang materyal na ito ay inihanda ng Health Services Advisory (HSAG), isang Quality Innovation Network-Quality Improvement Organization, sa ilalim ng kontrata sa Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS), isang ahensya ng Department of Health and Human Services (HHS) ng U.S. Ang mga pananaw na ipinahayag sa materyal na ito ay hindi kinakailangang sumasalamin sa mga opisyal na pananaw o patakaran ng CMS o HHS, at ang anumang pagbanggit sa partikular na produkto o entidad dito ay hindi nangangahulugan ng pag-endorso sa produkto o entidad na iyon ng CMS o HHS. Publication No. QN-13SOW-XC-07302026-01